15 Nob. 2026 – Ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon

Kaw 31:10–13, 19–20, 30–31; 1 Tes 5:1–6; Mt 25:14–30

PANIMULA

Minsan, may isang lalaking bumili ng isang mamahaling pangkat ng mga kagamitan at maingat niyang inayos ang mga ito sa kanyang garahe. Pinakintab niya ang mga ito, iningatan mula sa kalawang, at buong pagmamalaking ipinakita sa mga panauhin. Makalipas ang ilang taon, may nakapansin na mukha pa ring bagong-bago ang mga kagamitan. “Siguro’y alagang-alaga mo ang mga ito,” sabi nila. Sumagot ang lalaki, “Siyempre. Hindi ko kasi ginagamit ang mga iyan.” Malinaw ang trahedya: mga kagamitang perpektong naingatan, ngunit hindi kailanman nagamit sa layuning pinaggawaan sa kanila.

Sa Ebanghelyo ngayon, binabalaan tayo ni Hesus laban sa ganitong uri ng pamumuhay sa espirituwal na buhay. Ipinagkatiwala ng Diyos sa bawat isa sa atin ang mga kaloob, kakayahan, pagkakataon, pananampalataya, pag-ibig, panahon, malasakit, panalangin, at paglilingkod—hindi upang itago dahil sa takot, kundi upang gamitin nang mabunga para sa kanyang kaharian.

Hindi hinihiling ng Panginoon na maging ibang tao tayo. Ang hinihiling lamang niya ay maging tapat tayo sa anumang ating tinanggap. Malaki man o maliit ang ating kaloob, hayag man o lihim, aktibo man o mapanalanginin, bawat isa ay may halaga sa paningin ng Diyos. Maging ang tahimik na panalangin ng matatanda at maysakit ay maaaring magbunga nang napakalaki sa Simbahan. Ngunit madalas, pinipigilan tayo ng takot: takot na mabigo, takot na mapintasan, takot na kakaunti lamang ang maibibigay natin. Kaya, bago natin ipagdiwang ang mga banal na misteryong ito, aminin natin ang mga pagkakataong ibinaon natin ang mga kaloob ng Diyos sa halip na ilagay ang mga ito sa paglilingkod sa kapwa, at hingin natin sa Panginoon ang awa at lakas ng loob.

HOMILIYA

Minsan, isang batang biyolinista ang sumali sa isang patimpalak sa musika. Siya ay may talento, ngunit labis na kinakabahan. Bago umakyat sa entablado, ibinulong niya sa kanyang guro, “Paano kung mabigo ako?” Ngumiti ang matandang guro at iniabot sa kanya ang biyolin. “Ang instrumentong ito ay hindi ginawa para manatili lamang sa lalagyan nito,” sabi niya. “Ginawa ito upang umawit.”

Iyan ang puso ng Ebanghelyo ngayon.

Isinasalaysay sa atin ni Hesus ang talinghaga ng mga talento—hindi lamang tungkol sa salapi, kundi tungkol sa buhay mismo. Tungkol sa mga kaloob. Tungkol sa mga posibilidad. Tungkol sa kagalakan o kalungkutang nagmumula sa paggamit o pagbabaon ng ipinagkatiwala sa atin ng Diyos.

At sa likod ng talinghaga ay may isang napakahalagang tanong:
Paano nagiging isang masayang Kristiyano ang isang tao?

Sapagkat, kung tayo’y magiging tapat, maraming Kristiyano ang hindi laging mukhang masaya. Ipinapahayag natin ang “Mabuting Balita,” ngunit kung minsan ay kumikilos tayo na para bang pasanin ang pananampalataya sa halip na isang kaloob. Maaaring may labis na bigat, takot, reklamo, at panghihina ng loob. Tinatanong tayo ng Ebanghelyo ngayon: Ano ang lihim ng isang masayang buhay-Kristiyano?

Dalawang beses sinabi ng panginoon sa Ebanghelyo: “Halika, makihati ka sa kagalakan ng iyong panginoon.”

Pansinin na hindi lamang tungkol sa tungkulin o obligasyon ang sinasabi ni Hesus. Nagsasalita siya tungkol sa kagalakan. Ang mga aliping gumamit ng kanilang mga talento ay pumasok sa kagalakan. Ang aliping nagbaon ng kanyang talento ay napunta sa kadiliman.

Bakit?

Sapagkat dumarating ang kagalakan kapag ang ating buhay ay nagiging mabunga para sa Diyos at para sa kapwa.

Nagsisimula ang talinghaga sa isang panginoong maglalakbay nang malayo. Sa wika ng Ebanghelyo, tumutukoy ito kay Kristo mismo. Pagkatapos ng kanyang Pag-akyat sa Langit, hindi na pisikal na nakikita si Hesus sa ating piling gaya ng dati. Gayunman, bago siya umalis, ipinagkatiwala niya ang lahat sa kanyang mga alipin.

Huminto muna tayo rito sandali.

Ipinagkakatiwala sa atin ng Panginoon ng langit at lupa ang kanyang gawain. Wala siyang ibang mga kamay kundi ang sa atin.

May isang tanyag na krusipiho sa isang simbahan sa Münster, Alemanya. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinira ng pagsabog ng isang bomba ang mga bisig ng ipinakong Kristo. Pagkatapos ng digmaan, nagpasya silang huwag nang palitan ang mga bisig. Sa halip, sa ilalim ng krusipiho ay isinulat nila ang mga salitang ito:

“Wala akong ibang mga kamay kundi ang sa iyo.”

Napakalalim na kaisipan nito. Pinili ng Diyos na kailanganin tayo. Sa pamamagitan ng ating mga kamay, siya ay umaaliw. Sa pamamagitan ng ating mga salita, siya ay nagpapalakas ng loob. Sa pamamagitan ng ating pagkabukas-palad, siya ay naglalaan. Sa pamamagitan ng ating malasakit, pinagagaling niya ang mga sugat.

Ang bulag na si Bartimeo ay minsang tumanggap ng paningin nang tuwiran mula kay Hesus. Ang paralitiko ay pinagaling ni Hesus. Ang babaeng nahuli sa pangangalunya ay tumanggap ng dangal mula kay Hesus. Ngunit ngayon, ipinagpapatuloy ni Kristo ang kanyang gawain sa pamamagitan ng kanyang Simbahan,

sa pamamagitan ng mga karaniwang mananampalatayang tulad natin.

Ang pagkaunawang ito pa lamang ay dapat nang pumuno sa atin ng dangal at kagalakan. Hindi tayo mga manonood lamang sa kaharian ng Diyos; tayo ay mga katuwang.

Malalim itong naunawaan ni Papa Juan XXIII. Nang siya ay mahalal na papa, marami ang umasa nang napakaliit mula sa kanya. Matanda na siya at mahina, at itinuring lamang na pansamantalang pinuno. Ngunit ang mahinahong matandang ito ay naging isa sa mga pinakaminamahal at pinakamaimpluwensiyang papa sa makabagong kasaysayan. Sa halip na basta pangalagaan ang Simbahan na parang isang museo, binuksan niya ang mga bintana ng pagbabago sa pamamagitan ng Ikalawang Konsilyo Vaticano. Minsan niyang sinabi:“Wala tayo sa daigdig upang magbantay ng isang museo, kundi upang linangin ang isang yumayabong na hardin ng buhay.”

Iyan mismo ang ginawa ng unang dalawang alipin sa Ebanghelyo ngayon. Nilinang nila ang buhay. Nakipagsapalaran sila. Ginamit nila ang kanilang tinanggap.

Hindi ito ginawa ng ikatlong alipin.

At bakit hindi?Takot.

“Natakot ako,” sabi niya.

Ang takot ang tunay na trahedya sa Ebanghelyo. Hindi kakulangan sa kakayahan. Hindi kakulangan sa pagkakataon. Takot.

Ang totoo, nagbibigay ang panginoon sa bawat alipin “ayon sa kanyang kakayahan.” Hindi di-makatarungan ang Diyos. Hindi niya tayo pinapasan nang labis. Alam niya ang ating mga lakas at ang ating mga limitasyon. Alam niya ang ating kalagayan, ang ating mga pakikibaka, ang

ating mga tungkulin sa pamilya, ang ating kalusugan, ang ating edad, ang ating pagkatao.

Kailanman ay hindi hinihingi sa atin ng Diyos ang hindi muna niya tayo binigyan ng kakayahang gawin.

Ibig sabihin, dapat na nating itigil ang paghahambing ng ating sarili sa iba. Ang isa ay tumanggap ng limang talento, ang isa ay dalawa, ang isa ay isa. Ang paghahambing ay humahantong alinman sa panghihina ng loob—“Napakaliit ng mayroon ako”—o sa pagmamataas—“Mas marami ang mayroon ako kaysa sa iba.” Kapwa sinisira ng mga ito ang kagalakan.

Hindi hinihiling ng Diyos na maging ibang tao ako. Hinihiling niyang maging tapat ako sa anumang aking tinanggap.

Ang isang guro ay maaaring hindi musikero. Ang isang mekaniko ay maaaring hindi administrador. Ang taong may kaloob sa pamumuno ay maaaring walang kaloob sa pakikinig. Ngunit bawat tao ay may dalang biyayang nakalaan para sa kabutihan ng iba.

At ang panganib ay hindi ang pagkakaroon ng kakaunti. Ang panganib ay ang pagbabaon ng anumang mayroon tayo.

Kung minsan, ibinabaon natin ang ating mga kaloob dahil sa tingin natin ay wala itong halaga.
“Kaunti lang ang kaya kong awitin.”
“Pananalangin lang ang kaya ko.”
“Pagpapalakas lang ng loob ng iba ang kaya ko.”
“Masyado na akong matanda.”

Ngunit iba ang sinasabi ng Ebanghelyo.

Marahil may isang may magandang tinig. Bakit hindi ito gamitin sa koro?Marahil may isang mahusay bumasa.

Bakit hindi maging lektor?
Marahil may isang maayos at organisado. Bakit hindi tumulong sa pag-uugnay ng mga gawain ng parokya? Marahil may isang dating naglingkod sa kabataan ngunit tumigil dahil naging abala sa buhay. Marahil ngayon ay muling tumatawag ang Panginoon.

At paano naman ang matatanda, ang maysakit, ang mga hindi na makalabas ng bahay? Kung minsan ay malungkot nilang itinatanong, “Ano pa ba ang magagawa namin?”

Napakarami.

Isang pari ang nagkuwento tungkol sa isang matandang lalaki na binibisita niya buwan-buwan upang dalhan ng Banal na Komunyon. Halos hindi na makalakad ang lalaki at hindi na kailanman lumalabas ng bahay. Gayunman, bawat pagbisita ay nauuwi sa isang pagtatanong tungkol sa buhay ng parokya.

“Ilang bata ang naghahanda para sa Unang Komunyon?”
“Kumusta ang koro?”
“Nakahanap ba kayo ng mga boluntaryo para sa konseho ng parokya?”
“May mga pamilya bang may pinagdaraanan na nangangailangan ng panalangin?”

Sa wakas ay tinanong siya ng pari, “Bakit gusto ninyong malaman ang lahat ng ito?”

Sumagot ang matanda, “Upang maipanalangin ko sila.”

Pagkatapos ay ipinakita niya sa pari ang kanyang “aklat-dasalan.” Hindi ito isang nakalimbag na aklat ng debosyon, kundi isang luma at gamit na gamit na kuwaderno sa paaralan. Sa bawat pahina ay may mga pangalan, intensiyon, at petsa. Daan-daang pangalan. Sa tabi ng maraming tala ay may isang huling salita:

“Natugunan.”

Naroon ang pangalan ng isang kura paroko:
“Na muli sana niyang matagpuan ang kagalakan sa kanyang ministeryo.”
Makalipas ang ilang taon, sa tabi nito: “Natugunan.”

Naroon ang pangalan ng kanyang anak na lalaki na tumalikod sa Simbahan. Sa loob ng labinlimang taon, araw-araw siyang nanalangin:
“Na sana’y bumalik siya sa pananampalataya.”
At isang araw ay isinulat niya: “Natugunan.”

Ang matandang lalaking iyon, nakatago sa isang maliit na silid, ay marahil isa sa mga pinakaaktibong kasapi ng parokya. Ginawa niyang pamamagitan sa panalangin ang kanyang pagdurusa at pag-iisa. Natuklasan niya ang kagalakan ng paggamit ng kanyang talento.

At iyan ang dakilang lihim ng kagalakang Kristiyano: hindi tagumpay, hindi palakpakan, kundi pagiging mabunga.

Nakita ng aliping nagbaon ng kanyang talento ang lahat sa kadiliman. Ang mga taong nagbabaon ng kanilang mga kaloob ay madalas na nagiging mapait, mapamintas, negatibo, laging nagrereklamo tungkol sa Simbahan, sa lipunan, o sa iba. Ngunit ang mga taong buong-pusong nag-aalay ng kanilang sarili ay kadalasang nagniningning sa kagalakan.

Sinasabi ni San Pablo ngayon sa ikalawang pagbasa:
“Kayong lahat ay mga anak ng liwanag.”

At minsang sumulat si Nelson Mandela ng mga salitang magandang umaalingawngaw sa Ebanghelyo ngayon:

“Habang hinahayaan nating magningning ang sarili nating liwanag, hindi natin namamalayang binibigyan natin ng pahintulot ang ibang tao na gawin din ang gayon.”

Nakahahawa ang lakas ng loob. Gayundin ang takot.

Paulit-ulit na sinasabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:
“Huwag kayong matakot.”

Sabi ng takot: “Paano kung mabigo ako?”
Sabi ng pananampalataya: “Paano kung kaya ng Diyos na kumilos kahit sa pamamagitan ko?”

Sa katapusan ng buhay, malamang na hindi tayo tatanungin ng Diyos, “Bakit hindi ka naging mas matagumpay?”

Maaaring ang itanong lamang niya:
“Ginamit mo ba ang ibinigay ko sa iyo?”

Amen.

- Translated by: William Valdrez, Jr., Perth, Australia